# 多言語情報コーナー （令和６年１０月号）

## 1. Bahagyang Subsidiya sa Pagpapabakuna Laban sa Influenza Para sa mga Bata.

Ang lungsod ay magbibigay ng bahagyang subsidiya sa gastusin sa pagpapabakuna laban sa Influenza o trankaso para sa mga bata mula sa mga sanggol na 6 na buwan hanggang sa mga mag-aaral na nasa 3rd year ng Junior High School na nakatira dito sa Tochigi City. Ito ay mula sa umpisa ng Oktubre hanggang sa ika-28 ng Pebrero sa susunod na taon sa mga pagamutan ng lungsod na nakikipagtulungan para dito. Kailangan ang reserbasyon upang mabakunahan.
Ang subsidiya ay maaaring ibigay na 2 beses sa mga sanggol na may anim na buwan at hanggang sa mga batang bago mag-grade 1. Isang beses lamang para sa mga mag-aaral na nasa elementarya hanggang sa 3rd year Junior High School.
Ang halaga ay 2,500 yen sa bawat pagpapabakuna. Bayaran lamang ang natitirang halaga pagkatapos ibawas ang nasabing halaga na 2,500 yen na subsidiya sa mga counters ng pagamutan.
Bilang karagdagan, mayroon ring bahagyang subsidiya para bayarin sa pagpapabakuna laban sa impeksyon laban at COVID 19 at Influenza para sa mga matatanda.
Para sa mga kwalipikado na nasa public welfare assistance na pamilya, bagamat may limitasyon, sila rin ay maaaring mabigyan ng bahagyang subsidiya na ito pagkatapos mabigyan ng bakuna at nakapagbayad na. Kailangan silang mag-apply para rito.

## 2. Ang Pagbubukas ng Natatanging Pang-Linggo na Junior High School ng Tochigi Kura no Machi.

Ikinagagalak ipagbigay alam sa lahat ang pagbubukas ng natatangi na pang-linggo na Junior High School ng Tochigi Kura no Machi. Ito ay sa pakikipagtulungan ng Tochigi International Center (TIC) at Education Development Association ng lungsod. Dito ay maaaring mag-aral ang sinuman, mula o kahit hanggang kailan.

Ang oras ay tuwing alas 9:30 ng umaga hanggang alas 12:00 ng tanghali ng Linggo 2 beses sa 1 buwan. Ang unang sesyon ay mula sa ika-6 ng Oktubre na may seremonya, orientation at konsultasyon sa umpisa. Ang mga petsa ng mga klase ay sa ika-6 at ika-27 para sa buwan ng Oktubre, sa ika-17 at ika-24 ng Nobyembre at sa unang araw at ika-22 naman ng Disyembre.

Ang lugar ay sa Kirara no Mori Tochigi Kura no Machi Rakushukan.

Ang pang-Linggo na Junior High School ay bukas para sa sinuman na gustong mag-aral. Walang babayaran na enrollment at tuition fees.

Ang pagtuturo ay “man to man” at nag-aalok ng pangunahing aralin sa elementarya at junior high school subjects na Japanese, Matematika pati na rin sa Ingles.

Ang mga boluntaryong staffs ay handing tumulong sa pag-aaral ng sinuman na hindi alintana ang edad at nasyonalidad nito.

Inaanyayahan ang mga mag-aaral ng elementarya at junior high school at ang mga interesado na pumasok sa senior high school na lumahok dito.

## 3. Pagdaraos ng Autumn Festival sa Tochigi City

Ang pinakamalaking event sa Tochigi City na idinaraos isang beses sa dalawang taon na Tochigi Autumn Festival ay gagawin ngayong taon sa una, ika-2 (Sabado) at ika-3 araw (National Holiday) ng Nobyembre sa mga pangunahing lansangan ng Kura no Machi.

Sa ika-1 ng Nobyembre, mula alas 9:30 ng umaga hanggang ala 1:15 ng hapon ay magpaparada ng karwahe para sa mga 2,300 na kabataan na nasa ikatlo at ika-apat na baitang ng elementarya ng lungsod na ang mithiin ay upang magkaroon ng karanasan sa pagdiriwang at upang ipasa na rin sa susunod na henerasyon ang tradisyon na ito. Sila ay inaasahang masiglang paparada sa nasabing venue.

Ang mga karwahe o floats ay makikita sa mga lansangan mula sa istasyon ng Tochigi at paligid ng Shin-Tochigi at mula ala1:30 ng hapon ito ay ipaparada na sa mga pangunahing lansangan ng Kura no Machi.

Ang mga karwahe ng Tochigi ay itinuturing na uri ng Edo period Doll Floats. Masusulit ang pagmasid dito kung ipaparada ang mga ito na ginawa pa noong panahon ng Edo at Meiji periods. Ang mga parol ng karwahe ay iilawan mula 5:30 ng hapon at kamangha-mangha itong pagmasdan at kakaiba ang tanawin kung ikumpara sa araw.

Sa mga araw ng pagdaraos nito, ay ipagpapatupad ang mahigpit na pag-gabay sa trapiko sa buong kalsada ng Kura no Machi at karatig lansangan nito. Hindi papayagang dumaan ang mga sasakyan kaya inaasahan ang pagkakaroon ng mabagal na usad ng trapiko. Hinihingi ang pang-unawa ng lahat.